## Round 2

### Emehensiyang Rental Assistance Program para sa COVID-19 para sa mga Residensiyal na Yunit

Ang Emerhensiyang Rental Assistance Program (ERAP-C19) ay nagbibigay ng bayad sa mga nagpapaupa ng hanggang $750 kada buwan, nang hanggang dalawang buwan ($1,500 maximum na tulong), para sa mga kwalipikadong residensiyal na nangungupahang may pangkabahayang mababang kita.

**Sino ang Kwalipikado:**
Ang mga residensiyal na nangungupahan na nangangailangan ng tulong upang mapanatili ang paninirahan at / o mapababa ang halaga ng mga delingkwenteng renta.

Upang maging kwalipikado, ang aplikante ay:

1. Kailangang isang residente ng Lungsod ng Glendale.

2. Kailangang nangungupahan sa isang legal na paupahang yunit (o kwartong ipinapa-sublease) at mayroong kasalukuyang kasunduan sa pag-upa o sa pag-sublease. Karagdagang impormasyon tulad ng singil sa mga utility at ilang serbisyo ng koreo ay kakailanganin upang magpatunay na ang sambahayan ay nangungupahang nag-ookupa sa yunit.

3. Kailangang magkwalipika bilang isang Sambahayang may Mababang Kita (kitang 80% at mababa pa sa Area Median Income). Ang kabuuang kita ng sambahayan ay hindi hihigit sa mga pinakamataas na hangganang nakasaad sa ibaba, batay sa laki ng sambahayan sa isang yunitt, na itinalaga ng HUD. Ang bawat aplikante ay kailangang magsumite ng dokumentasyong nagpapakita ng pagkwalipika ayon sa kita.

| **Pinakamataas na Kitang Tinatanggap** | 1 tao | 2 tao | 3 tao | 4 tao | 5 tao | 6 tao | 7 tao | 8 tao |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 80% ng Area Median Income | $63,100 | $72,100 | $81,100 | $90,100 | $97,350 | $104,550 | $111,750 | $118,950 |

4. Kailangang naapektuhan ng COVID-19 pandemic ang kabuhayan. Ang mga epekto ay maaaring alinman sa mga sumusunod:
    - Pagkawala ng kita dahil sa pagbawas sa bayad na oras ng trabaho dahil sa COVID-19 (tulad ng pagkasisante, nabawasan ang oras ng trabaho, pagbaba ng kita, atbp.)
    - Pagkawala ng kita dahil sa pagkakasakit ng COVID-19 o pag-aalaga sa miyembro ng sambahayan or pamilya na nagkasakit ng COVID-19.
    - Mga karagdagang gastos dahil sa epekto ng COVID-19 (tulad ng pag-aalaga sa bata dahil sa pagsasara ng eskwelahan, gastos sa pagpapagamot, karagdagang gastos upang sumunod sa mga utos ng gobyerno, atbp.)
    - Pagkawala ng kita dahil sa pangangailangang tumigil sa bahay dahil sa kautusang pangkalusugan ng gobyerno, sa pag-kwarantina ng sarili, o pag-iwas na makipagtipon sa iba habang nasa estado ng emerhensiya.
    - Pagkawala ng kita dahil sa ibang dahilang kaugnay ng emerhensiyang COVID-19.

5. Kailangang hindi pa nakatatanggap ng tulong na pondo na pang-emerhensiya mula sa lokal, estado, o pederal na ahensiya para sa katulad na layunin (pangpederal na Stimulus Check na inilabas ng IRS ay hindi saklaw ng panuntunang ito).
6. Kailangang ang may-ari/landlord ng paupahang yunit ay hindi kamag-anak.
7. Kailangang hindi naka-enrol sa sa programa sa ilalim ng Seksyon 8, kasalukuyang naninirahan sa isang abot-kayang proyekto ng pabahay na sponsored ng Lungsod, o naka-enrol sa anumang uri ng subsidy program sa pabahay.
8. Ayon sa mga regulasyong pederal, ang mga aplikante para sa tulong ay nararapat na nagtataglay ng legal na paninirahan upang maging kwalipikado.

**Paano Mag-apply**

Ang mga aplikasyon para sa Round 2 ay tatanggapin lamang sa on-line na aplikasyon, simula sa ika-11 ng Enero 2021 (alas 12 ng tanghali, Pacific Time) hanggang ika-22 ng Enero 2021 (alas 12 ng tanghali, Pacific Time).

Ang link para sa mga impormasyon ukol sa programang ERAP-C19 at ang aplikasyon ay matatagpuan sa:

https://www.glendaleca.gov/government/departments/community-development/housing/erap

Isang aplikasyon lamang kada sambahayan ang maaaring isumite. Ang doble o higit pang aplikasyon ay makakadiskwalipika sa aplikante o mga aplikante.

Ang mga nakatanggap na ng pondo mula sa Round 1 ay hindi na magiging kwalipikadong mag-apply para sa o tumanggap ng pondo sa ilalim ng Round 2.

Ang mga nag-apply para sa pondo sa Round 1 na hindi napili, ay nararapat na muling mag-apply at magsumite ng bagong aplikasyon para sa pondo sa ilalim ng Round 2. Ang mga nagsumite ng aplikasyon sa Round 1 ay maaaring mag-apply sa Round 2 gamit ang dating Waitlist Check Account na kanilang ginamit sa Round 1.

**May mga Katanungan?**

Mangyaring mag-e-mail ng inyong katanungan sa ERAPCOVID19@Glendaleca.gov o tumawag sa (818) 548-2069.